



Reykjavík, Abril 21, 2022

Maligayang panahon ng tag-init, mga magulang!

Detalye tungkol sa mga programa at kurso para sa kabataan ngayong panahon ng tag-init

Ngayong summer, magkakaroon ng maraming pagpipilaang programa na masasaya at edukasyonal para sa mga bata at tinedyer sa Reykjavík. Matatagpuan ang impormasyon tungkol dito sa website ng aliwang-pambata www.fristund.is, hal. iba't-ibang gawain ng mga Sentro ng Aliwang Pambata o *fristundamiðstöð*, kurso sa paglalayag, summer camp, sports camp, kurso sa pangangabayo, at marami pang iba.

Pagrehistro

Ang pagpaparehistro para sa mga aktibidad sa tag-init ng mga leisure center (sumarfristund) at mga partikular na aktibidad sa social center ay magsisimula sa Martes ika-26 ng Abril, sa ganap na 10:00 am, ngunit ang pagpaparehistro para sa mga workshop sa tag-init para sa mga batang magtatapos sa grade 5-7 ay magsisimula sa Martes ika-4 ng Mayo, sa ganap na 10:00 am

Ang pagpaparehistro para sa sailing course sa Siglunes ay magsisimula sa Martes, Abril 26 sa 12:00 am at para sa animal course sa Húsdýragarðurinn, ang pagpaparehistro ay magsisimula sa Martes Abril 26, sa 14:00 am.

Ang pagrehistro sa programang pang-summer na pinamamahalaan ng Lungsod ng Reykjavík ay nasa website na <http://sumar.fristund.is>. Paalala lamang na ang pagrehistro ay nasa island.is at dito kailangan ang *Íslykill* o IceKey, o di kaya'y ang elektronikong ID sa telepono.

Ang pagrehistro sa programang pang-summer para sa anim hanggang siyam na taong gulang, espesyal na programa para sa may mga kapansanan, at sa kurso ng paglalayag ay kinakailangang gawin bago mag alas 12 tuwing Biyernes kung ang bata ay magsisimula sa programa sa kasunod na Lunes. Ang pagrehistro sa kurso sa pag-aalaga ng hayop ay kinakailangang gawin kapag Miyerkules bago ang linggo kung kailan mag-uumpisa ang bata sa programa. Ang mga magulang ay hinihikayat na i-rehistro ang kanilang mga anak sa tamang oras dahil madaling mapuno ang mga programa.

Para sa mga banyagang magulang na ang legal na tirahan ay nasa Reykjavík (kahit isa o dalawa sa kanila) at ang bata ay kakalipat lamang sa Iceland nang mas maikli sa dalawang taon, ay libre ang unang tatlong linggo ng programang pang-summer na sasalihan nito sa *sumarfristund*, *sumarsmiðja*, o espesyal na programa para sa may kapansanan. Kailangang may nakasulat na kahilingan sa tamang *fristundamiðstöð*. Ang diskwentong ito ay hindi maaaring gamitin ng mga batang legal na naninirahan sa ibang bansa o sa mga pupunta lamang dito nang pansamantala para sa mga programang pang-summer.

Paalala lamang na ang magulang na hindi maaaring gumamit ng elektronikong pagpaparehistro ay maaaring sumangguni at humingi ng tulong sa pagpaparehistro sa mga [fristundamiðstöð ng lungsod](http://fristundamiðstöð.ng.lungsod) (dapat bago mag-tanghali). Hindi maaaring i-rehistro ang mga bata sa programang pang-summer ng Reykjavík sa pamamagitan ng pagtawag lamang, ngunit maaaring makakuha ng mga panuto kung tatawag sa Sentro ng Serbisyo sa Lungsod ng Reykjavík, 411-1111 kung ang magulang ay may koneksiyon sa kompyuter at internet.

Ang pagrehistro sa programang pang-summer sa labas ng Lungsod ng Reykjavík ay direktso mismo sa kani-kanilang organisasyon.

Vinnuskólinn (Trabahong pang-summer)

Ang *Vinnuskóli* sa Lungsod ng Reykjavík ay nag-aalok sa mga ika-8 hanggang 10 baitang ng trabahong pang-summer. Nagsimula na ang pagrehistro at ang lahat ng mga batang magpaparehistro ay mabibigyan ng trabaho. Dapat irehistro ng mga magulang ang kanilang mga tinedyer sa website ng Work Schools, Reykjavik.is/vinnuskolinn kung saan makakahanap din sila ng karagdagang impormasyon tungkol sa trabaho. Ang pagpaparehistro ay bukas hanggang ika-16 ng Mayo.

Umaasa sa masayang kolaborasyon,
Departamento ng Edukasyon at Kabataan
Sangay ng Isport at Programang Pang-Aliwan
Sangay ng Kapaligiran at Pagpaplanong Panglungsod ng Reykjavík